DEPARTMENT OF
ENVIRONMENT AND
NATURAL RESOURCES

DEC 13 1991

ESPESYAL NA UTOS)
BILANG 1194 :
TAON NG 1991 )

PAKSA : Ang Paghirang sa Lider-Kababaihan bilang "Deputized Natural Resources and Environment Officer" ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan .

Alinsunod sa pinaiiral na Pampangulong Kautusan bilang (P.D.) 704, 704, at 1181, kasama ng mga nabagong bahagi nito, ang lider-kababaihan ng **Bantay ng Kalikasan Para sa Kinabukasan ng Kabataan (BKKK), Gabaldon, Nueva Ecija** na si **LORNA J. RAMOS** ay hinihirang bilang "Deputized Environment and Natural Resources Officer."

Sa pamamagitan ng paghirang na ito, si **LORNA J. RAMOS** ay binibigyan ng mga sumusunod na kapangyarihan na maaari niyang isagawa sa loob ng kanyang nasasakupan:

1. Magsiyasat ukol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa mga paglabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng Kagawaran ng Kalikasan at Likas na Kayamanan sa larangan ng pangingisda, panggungubat, at pangangalaga sa hangin at tubigan;

2. Umaresto ng mga tao na lumabag, kasalukuyang lumalabag at may balak na gumawa ng labag sa nabanggit na mga batas na kanyang makikita; ito ay maaaring isagawa nang walang kasulatan sa pag-aresto at ayon sa nasasaad sa PD bilang 704, 705 at PD 11;

3. Magkumpiska ng:

   (a) mga kagamitan/sasakyan at tulad nito na ginamit sa paglabag sa nabanggit na mga batas/ alituntunin; at

   (b) mga yamang gubat, dagat/tubig na kinuha at dinala ng mga lumabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR.

4. Magbigay katunayan sa mga salaysay ukol sa mga opisyal na mga bagay na may kaugnayan sa mga tungkulin ng DENR; at

5. Kumuha ng mga pinangakuang salaysay o "sworn statement" sa mga opisyal na pagsisiyasat sa ilalim ng mga nabanggit na batas/alituntunin.

Sa lahat ng ito, ang hinihirang na "Deputized Environment and Natural Resources Officer" ay inaatasang isakatuparan ang mga sumusunod:

1. Dalhin lahat ng mga nakumpiska, kasama ang mga taong gumawa ng paglabag sa batas/alituntunin, sa loob ng itinakdang panahon ng batas;

2. Gumawa ng nararapat na hakbang upang ang kinakailangang panimulang pagsisiyasat ay maisagawa ng mga taong inatasan ng batas ;

3. Ipagbigay-alam sa hukuman ang lahat na mga mahahalagang impormasyon ukol sa mga nagawang hakbang sa pamamagitan ng RED/PENRO/CENRO, na nakakasakop sa kanya bilang "Deputized Environment and Natural Resources Officer"; at

4. Magpadala ng buwanang ulat sa RED sa pamamagitan ng nabanggit na CENRO/PENRO tungkol sa lahat ng mga kaso na kanyang nahawakan alinsunod sa kaatasang ito.

Ang paghirang na ito ay magkakabisa ngayong ika-13 ng Disyembre 1991 at hindi lalampas sa ika-30 ng Hunyo 1992.

Ang kaatasang ito ay maaaring mapawalang-bisa bago pa man sa itinakdang panahon batay sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng Kagawaran ng Kalikasan at Likas na Kayamanan sa bagay na ito.

**VICTOR O. RAMOS**
Undersecretary
for Field Operations